WeDrawTheLines.ca.gov

555 Capitol Mall, Suite 300
Sacramento, California 95814
Call toll free: 1-866-356-5217
Fax: 916-319-9295
Email: votersfirstact@auditor.ca.gov

Nangungunang 10 Tanong Tungkol sa Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito

1. Ano ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito?

Tuwing 10 taon, pagkatapos ilathala ng pederal na pamahalaan ang isinapanahong impormasyon ng sensus, dapat muling iguhit ng California ang mga hangganan ng mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Esado, upang ang mga distrito ay wastong magpakita ng populasyon ng estado. Ang Komisyon ng mga Mamamayan sa Pagbabago ng Distrito (komisyon) ay isang bagong komisyon na itinalagang muling gumuhit ng mga distrito ng Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng Califonia batay sa impormasyong natipon sa sensus ng 2010. Ang komisyon ay dapat gumuhit ng mga distrito na umaayon sa mahihigpit, di-partidistang mga tuntunin na idinisenyo upang lumikha ng mga distrito ng magkakapantay na populasyon na magkakaloob ng makatarungang pagkatawan para sa lahat ng mga taga-California.

2. Sino ang nagpahintulot na paglikha ng komisyon?

Ipinahintulot ng mga botante ng California ang paglikha ng komisyon noong ipasa nila ang Batas na Mga Botante MUNA (Batas), na lumitaw bilang Proposisyon 11 sa balota ng pangkalahatang halalan ng Nobyembre 2008.

3. Sino ang makakapaglingkod sa komisyon?

Ang Batas ay nag-aatas sa Tagasuri ng Estado na magpasimula ng isang proseso ng aplikasyon para sa pagpili ng mga miyembro ng komisyon. Ang proseso ng aplikasyon ay bukas sa bawat nakarehistrong botante na:

- Patuloy na nakarehistro sa California sa iisang partidong pampulitika, o walang partidong pampulitika, sa limang taon bago hinirang sa komisyon; at
- Bumoto sa hindi kukulangin sa dalawa ng pinakahuling tatlong pambuong-estadong pangkalahatang halalan.

Gayunman, ang isang aplikante ay hindi karapat-dapat maglingkod sa komisyon kung ang aplikante ay may kasalungat na interes gaya ng nilinaw ng Batas.

(mayroon pa)

Ang isang aplikante ay may kasalungat na interes kung, sa sampung taon bago isumite ang isang aplikasyon, ang aplikante, o isang miyembro ng kanyang pamilya, gaya ng nilinaw sa regulasyon, ay:

- Hinirang, inihalal sa, o isang kandidato para sa isang pangkongreso o pang-estadong katungkulan sa California;
- Naglingkod bilang isang opisyal, empleyado, o bayarang tagapayo ng isang partidong pampulitika sa California o ng komite sa kampanya ng isang kandidato para sa inihahalal na pangkongreso o pang-estadong katungkulan sa California;
- Naglingkod bilang isang inihalal o hinirang na miyembro ng isang komite sentral ng partidong pampulitika sa California;
- Isang nakarehistrong pederal na tagalobi;
- Isang tagalobing nakarehistro sa Estado ng California o sa isang lokal na pamahalaan ng California;
- Naglingkod bilang binabayarang tauhan na pangkongreso, pambatasan, o Lupon ng Pagpapantay ng Estado ng California; o
- Nagbigay ng $2,000 o higit sa sinumang pangkongreso, pang-estado, o lokal na kandidato ng California para sa inihahalal na pampublikong katungkulan sa alinmang taon.

Ang isang aplikante ay mayroon ring kasalungat na interes kung ang aplikante ay naglilingkod bilang tauhan o tagapayo, nakakontrata sa, o may relasyon bilang malapit na kapamilya ng Gobernador, isang miyembro ng Lehislatura ng California, isang miyembro ng Kongreso ng California, o isang miyembro ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado.

4. Paano ako makakapag-aplay upang maging miyembro ng komisyon?

Maaari kang magsumite ng isang aplikasyon sa Bureau of State Audits (kawanihan) sa 60-na-araw na panahon ng aplikasyon na magsisimula sa kalagitnaan ng Disyembre 2009. Ang mga aplikante ay dapat magsumite ng kanilang mga aplikasyon online sa pamamagitan ng Web site ng kawanihan. Ang aplikasyon ay maaaring i-save habang pinupunuan, at dahil dito ay makukumpleto sa maraming sesyon sa isang kompyuter. Sa sandaling isumite ang aplikasyon, ang isang aplikante ay makakapaglimbag ng kopya ng aplikasyon bilang katunayan ng pagsumite nito. Ang aplikasyon ay mamarkahan ng petsa at oras kapag nagtanggap ito nang kawanihan. Sa sandaling maisumite na ang aplikasyon sa kawanihan, hindi na ito mababago. Ang mga aplikanteng nagpatibay sa kanilang mga aplikasyon na natutugunan nila ang lahat ng mga kuwalipikasyon sa Batas para sa paglilingkod sa komisyon, at walang kasalungat na interes, ay iimbitahan na magsumite ng suplementong aplikasyon na nagtataglay ng karagdagang impormasyon tungkol sa kanilang mga kuwalipikasyon.

Sinumang aplikante na nangangailangan ng papel na aplikasyon dahil kailangan ng aplikante ng makatwirang kaluwagan sa ilalim ng Batas ng 1990 para sa mga Amerikanong may Kapansanan ay maaaring humiling ng papel na aplikasyon mula sa kawanihan.

5. Ilan ang magiging mga miyembro ng komisyon?

Ang komisyon ay magkakaroon ng 14 na miyembro, limang miyembro na mga Demokratiko, limang miyembro na mga Republikano, at apat na miyembro na hindi mga Demokratiko o Republikano.

(mayroon pa)

6. Paano pipiliin ang mga miyembro ng komisyon pagkatapos magsara ang panahon ng aplikasyon?

Ang una at suplementong mga aplikasyon ay ipapasa sa Lupon ng Pagrepaso ng Aplikante (lupon) na binubuo ng tatlong independiyenteng tagasuri. Sa sandaling marepaso na ng lupon ang lahat ng mga aplikasyon, ang lupon ay pipili ng 120 ng "pinakakuwalipikadong aplikante," na kakapanayamin ng lupon sa Sacramento. Ang 120 aplikante ay hahatiin sa tatlong subpool alinsunod sa kinasasapiang partido. Ang isang subpool ay bubuuin ng 40 aplikante na mga Demokratiko, ang ikalawang subpool ay bubuuin ng 40 aplikante na mga Republikano, at ang ikatlong subpool ay bubuuin ng 40 aplikante na hindi mga Demokratiko o Republikano. Babayaran ng kawanihan ang mga aplikante para sa kanilang mga makatwiran at kailangang gastos upang lumahok sa panayam.

Mula sa 120 aplikante na kinapanayam, ang lupon ay pipili ng 60 ng pinakakuwalipikadong aplikante na hahatiin sa tatlong subpool alinsunod sa kinasasapiang partido. Ang isang subpool ay bubuuin ng 20 aplikante na mga Demokratiko, ang ikalawang subpool ay bubuuin ng 20 aplikante na mga Republikano, at ang ikatlong subpool ay bubuuin ng 20 aplikante na hindi mga Demokratiko o Republikano. Bago lumampas ang Oktubre 1, 2010, ihaharap ng lupon ang mga pangalan ng mga aplikante na nasa tatlong subpool sa Kalihim ng Senado at sa Punong Klerk ng Asembleya para isaalang-alang ng President pro Tempore ng Senado, ng Lider ng Minorya ng Senado, Ispiker ng Asembleya, at ng Lider ng Minorya ng Asembleya. Ang bawat isa sa mga pambatasang lider na ito ay maaaring magtanggal ng hanggang dalawang aplikante mula sa bawat isa ng mga subpool. Ang mga pangalan ng mga aplikante na hindi tinanggal mula sa mga subpool ay dapat isumite sa Tagasuri ng Estado bago lumampas ang Nobyembre 15, 2010. Ang Tagasuri ng Estado ay dapat, bago lumampas ang Nobyembre 20, 2010, sapalarang bumunot sa mga pangalan na natitira sa tatlong subpool ng mga pangalan ng tatlong aplikante na mga Demokratiko, tatlong aplikante na mga Republikano at dalawang aplikante na hindi mga Demokratiko o Republikano. Ang walong aplikanteng ito ay dapat maging unang walong miyembro ng komisyon.

Ang unang walang miyembro ng komisyon ay pipili naman ng panghuling anim na miyembro ng komisyon sa pamamagitan ng pagpili ng dalawang komisyoner mula sa bawat isa ng tatlong subpool na ginamit ng Tagasuri ng Estado noong bumunot ng mga pangalan ng unang walong komisyoner. Ang huling anim na komisyoner ay dapat hirangin bago lumampas ang Disyembre 31, 2010.

7. Paano inaaprobahan ang mga bagong hangganan ng distrito?

Inaatasan ang komisyon na linawin ang mga heograpikong hangganan para sa 40 distrito ng Senado, 80 distrito ng Asembleya, at apat na distrito ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado, upang ang mga ito ay magtaglay ng makatwirang magkakapantay na populasyon. Sa sandaling sumang-ayon ang komisyon sa mga heograpikong hangganan ng mga distrito, ang mga distrito ay ipapakita sa tatlong mapa: isang mapa na nagpapakita ng binagong mga distrito ng Senado,; ikalawang mapa na nagpapakita ng binagong mga distrito ng Asembleya; at ikatlong mapa na nagpapakita ng binagong mga distrito ng Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Kasunod ay boboto ang komisyon upang aprobahan ang tatlong mapa.

(mayroon pa)

Upang maaprobahan, ang bawat mapa ay dapat tumanggap ng sumasang-ayong boto ng hindi kukulangin sa tatlong miyembro ng komisyon na mga Demokratiko, tatlong miyembro ng komisyon ng mga Republikano, at tatlong miyembro ng komisyon na hindi mga Demokratio o Republikano. Sa sandaling aprobahan ng komisyon ang tatlong pangwakas na mapa, ang mga mapa ay sesertipikahan sa Kalihim ng Estado sa pamamagitan ng isang ulat na nagpapaliwanag ng batayan na ginawa ng komisyon ang mga desisyon nito.

8. Babayaran ba ang mga miyembro ng Komisyon?

Ang Batas ay tumutukoy na ang mga miyembro ng komisyon ay babayaran ng $300 dolyar para sa bawat araw na ang isang komisyoner ay kalahok sa gawain ng komisyon. Ang batas ay nagpapahintulot din ng pagbabayad ng mga personal na gastos na may kaugnayan sa mga tungkulin na iniaatas sa mga komisyoner.

9. Gaano katagal maglilingkod ang mga miyembro ng komisyon?

Ang Batas ay nagsasaad na ang komisyon ay maglilingkod ng sampung taon simula sa pagpili ng unang miyembro sa pamamagitan ng sapalarang pagpili bago lumampas ang Nobyembre 20, 2010, at matatapos sa sapalarang pagpili ng unang miyembro ng kasunod na komisyon bago lumampas ang Nobyembre 20, 2020. Gayunman, karamihan sa trabahong gagampanan ng mga komisyoner ay dapat makumpleto bago aprobahan ang mga mapa ng mga bagong distrito, na kinakailangan bago lumampas ang Setyembre 15, 2011.

10. Maaari bang panatilihin ko ang kasalukuyan kong trabaho at maglingkod pa rin komisyon?

Ang mga pangunahing tungkulin ng komisyon na pagbabago ng distrito ay magsisimula bago lumampas ang Enero 1, 2011, at matatapos bago lumampas ang Setyembre 15, 2011. Sa 9 ½ buwang ito, ang mga miyembro ng komisyon ay magtatrabaho upang magpatibay ng tatlong pangwakas na mapa na magkakahiwalay na nililinaw ang mga hangganan ng distrito para sa Senado, Asembleya, at Lupon ng Pagpapantay ng Estado. Ang mga miyembro ng komisyon ay magkakaroon ng sa kasalukuyan ay hindi alam na dami ng mga tauhan na tutulong sa kanila sa pagganap ng kanilang ma tungkulin.

Gayunman, magkakaroon ng mga gawain na tanging ang isang miyembro ng komisyon ang maaaring gumanap kabilang ang, pero hindi limitado sa sa pagsasagawa ng mga bukas na pulong sa mga lokasyon sa buong estado; nagrerepaso at tumatalakay ng mga datos na may kaugnayan sa pagpapasiya sa mga heograpikong hangganan para sa magkakaibang distrito; at, pagboto upang aprobahan ang mga pangwakas na mapa.

Ang kakayahan ng isang tao na gampanan ang mga tungkulin ng ibang trabaho habang naglilingkod sa komisyon ay magiging depende sa katangian ng trabaho, pero ang aplikante ay dapat magpalagay na ang kanyang panahon ay dapat ilaan pangunahin sa gawain ng komisyon sa 9 ½ buwan na ang mga miyembro ng komisyon ay nagtatrabaho patungo sa pag-aproba ng mga pangwakas na mapa. Upang himukin ang paglilingkod sa komisyon, ang Batas ay nagtatadhana na walang tagapag-empleyo na dapat magtanggal, magbanta ng pagtanggal, o gumamit sa sinumang empleyado dahil sa pagdalo sa pulong ng komisyon.

(mayroon pa)

Kasunod ng pag-aproba ng mga pangwakas na mapa, ang mga tungkulin ng komisyon ay isesentro sa mga gawain na tulad ng paglutas ng mga pagtatalong pambatas na maaaring lumitaw tungkol sa mga muling iginuhit na distrito at mga gawaing pangseremonya na ipinasiya ng komisyon na kailangan. Sa panahong ito, ang mga responsibilidad ng komisyon ay dapat na maiaakma nang sapat upang ipahintulot ang pangkaraniwang iskedyul ng trabaho.

###